


## IKA-APAT NA LINGGO MAKARAAN NG PASCUA



Hermandad de la Sagrada Eucaristia  
Latin Mass Society of Cavite  
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Misa "Cantate Domino"*  
*II cl. • Semidoble • Puti*

*Maiksing Pagninilay*

Malapit nang umakyat si Hesus sa langit. Dapat lamang ito upang mabuksan ang pinto ng kaluwalhatian, yamang noo'y hindi makapasok ang tanan gawa ng unang kasalanan ni Adan at Eba. Bagaman babalik na si Hesus sa Ama, hindi niya pababayaan ang mga alagad: isusugo niya ang Espiritu Santo, ang Mang-aaliw at magtuturo sa kanila ng lahat ng katotohanan. Ito ang magpapatibay sa kalooban ng mga Apostol, at tiisin ang lahat ng kahirapan sa pangangaral ng Mabuting Balita, at pamunuan ang banal na Simbahan sa pagtuturo naman ng katotohanang ito.

Sa linggong ito, pinaalalahan tayo ni Apostol Santiago ukol sa malinis na kalooban at panatag na isipan. Nais ng Dios na tayo'y manatili sa kaniya. Sikapin nating sundin at mahalín ang kaniyang mga Utos.

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 97:1-2**

**CANTATE** Dómino cánticum novum, allelúja: quia mirabilia fecit Dóminus, allelúja: ante conspéctum géntium revelávit justítiam suam, allelúja, allelúja, allelúja. — *Ps 97:1* Salvávit sibi d́xtera ejus: et bráchium sanctum ejus. *V.* Gloria Patri. Cantate Domino.

**UMAWIT** kayong lahat ng bagong awitin sa Poong Butihin, aleluya! Pagka't gumawa ang Poon ng mga kahanga-hangang bagay, aleluya! At sa ating mga mata'y inihayag niya sa mga bansa ang kaniyang katarungan, aleluya, aleluya! — *Salmo 97:1* Iniligtas ako ng Kaniyang kanang kamay at ng kaniyang banal na bisig. *V.* Luwalhati sa Ama. — Umawit kayong lahat...

- *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

**PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)**

**DEUS**, qui fidélium mentes uníus éfficis voluntátis: da pópulis tuis id amáre quod prácipis, id desideráre quod promíttis; ut inter mundánas varietátes ibi nostra fixa sint corda, ubi vera sunt gáudia. Per eundem Dominum.

**O DIOS**, pinag-iisa Mo ng isip at damdamin ang mga tapat sa iyo. Ipagkaloob mo sa iyong bayan na mahalín nila ang mga ipinag-uutos mo at nasain ang mga ipinangangako mo, upang sa gitna ng ligalig ng buhay na ito, ang aming mga puso'y mailagay doon sa tunay na kaligayahan sa kalangitan. Alang-alang sa Anak mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Sa Misa, idaragdagang ang ika-2 panalangin, Parangal kay Santa Mariang Virgen; ang ika-3 panalangin, Laban sa Kaaway ng Simbahan o 'di kaya'y Para sa Santo Papa.*

*Parangal kay Santa Mariang Virgen*

**CONCEDE** nos fámulos tuos, quásumus, Dómine Deus, perpétua mentis et córporis sanitate gaudére: et, gloriósa beatá Mariá semper Vírginis intercessióne, a prásentí liberári tristítia, et aetérna pérfrui lætítia. Per Dóminum.

**IPAGKALOOB** mo sa amin, iyong mga lingkod, hinihiling namin, Panginoong Dios, na palagian magkamit ng kagalingan sa isip at katawan: at pakundangan sa maluwalhating Santa Mariang laging Birhen, mahango nawa kami sa kasalukuyang hapis sa buhay na ito at makabahagi naman sa kaligahayang walang hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

**ADESTO** nobis, Dómine, Deus noster: ut per hæc, quæ fidéliter súmpsimus, et purgémur a vítiis et a pérículis ómnibus eruámur. Per Dominum...

**AMPUNIN** mo kami, Panginoon naming Dios, upang ang aming mga tinanggap nang may buong pananamapalataya ay makapaglinis sa amin mula sa kasalanan at makapagadya sa lahat ng panganib. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Parangal kay Santa Mariang Virgen*

**SUMPTIS**, Domine, salutis nostræ subsidiis: da, quæsumus, beatá Mariæ semper Virginitis patrocinis nos ubique protegi; in cujus veneratione hæc tuæ obtulimus majestati. Per Dominum.

**KAMING** tumanggap ng mga tulong para sa aming kaligtasan, Panginoon, ay lagi kaming ipagtanggol pakundangan kay Santa Mariang laging Birhen, alang-alang sa kaniyang karangala'y inialay ang mga handog na ito sa Iyong kamahalan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

*Laban sa Kaaway ng Simbahan*

**QUAESUMUS**, Dómine Deus noster: ut, quos divína tribuis participatióne gaudére; humanis non sinas subjacére pérículis. Per Dominum.

**PANGINOONG** Dios namin, huwag Mo sanang hayaang malupig ng anumang kaaway ang mga niloob Mong tumanggap at nakibahagi sa iyong mga banal na sakramento. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."*

**HAEC** quaesumus, Dómine, divini sacraménti percéptio prótegit: et famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti; una cum commisso sibi grege, salvet semper, et múniat. Per Dominum.

**PANGINOON**, kaming tumanggap ng banal mong sakramento ay lagi mo sana kaming ipagsanggalang at iligtas kasama ni **N.**, na iyong lingkod, na siyang hinirang Mo upang pamunuan ang Iyong Simbahan, kasama ng kawang ipinagkatiwala mo sa kaniya. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."*

**OBLATIS**, quaesumus, Dómine, placare munéribus: et famulum tuum **N.**, quem pastorem Ecclésiæ tuæ præsse voluisti, assídua protectióne gubérna. Per Dominum.

**MALUBAG** nawa ang Iyong kalooban, Panginoon, dito sa aming mga alay ng pakikipagkasundo. Sa iyong walang patid na pagpapatnubay, gabayan mo ang iyong lingkod na si **N.** na siyang hinirang mo bilang pastol ng Iyong Simbahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

#### **PREPASYO NG MULING PAGKABUHAY**

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, Te quidem, Dómine, omni témpore, sed in hac potíssimum die gloriósius prædicáre, cum Pascha nostrum immolátus est Christus.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoon, lalo na ngayong inialay na si Kristo na aming Cordero Pascual.

Ipse enim verus est Agnus, qui ábstulit peccáta mundi. Qui mortem nostram moriéndo destrúxit et vitam resurgéndo reparávit.

Sapagkat siya ang tunay na Kordero na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Sa kaniyang pagkamatay ay nagtagumpay siya sa kamatayan. Sa kaniyang muling pagkabuhay ay ibinalik sa amin ang buhay ng grasya.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus cumque omni milítia coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicétes. — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

#### **ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 16:8**

**CUM** vénerit Paráclitus Spíritus veritátis, ille árguet mundum de peccáto et de justítia et de júdicío, allelúja, allelúja.

**SA PAGPARITO** ng Mang-aaliw, ang Espiritu ng katotohanan, patutunayan niya na mali ang mga taga-sanlibutan tungkol sa kasalanan, tungkol sa katuwiran at tungkol sa paghatol, aleluya, aleluya.

*Laban sa Kaaway ng Simbahan*

**ECCLESIAE** tuæ, quaesumus, Dómine, preces placatus admítte: ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, secúra tibi sérviat libertate. Per Dominum...

**TANGGAPIN** mong malugod ang panalangin ng iyong Simbahan, O Panginoon. Lipulin mo sana ang lahat ng mga kaguluhan at kamalian, upang mapaglingkuran Ka nawa niya sa katiwasayan at kalayaan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

*o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."*

**DEUS**, ómnium fidélium pastor et rector, famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præsse voluisti, propítius réspice: da ei, quaesumus, verbo et exemplo quibus præst proficere; ut ad vitam, una cum grege sibi crédito, pervéniat sempitérnam. Per Dominum.

**O DIOS**, ikaw ang pastol at pinuno ng tanang mananampalatya. Tunghayan mo sana ang iyong lingkod na si **N.**, na itinalaga mo upang mamuno sa Iyong Simbahan. Ipagkaloob mo, na sa kaniyang salita at gawa, patatagin nawa niya ang kalooban ng kawang ipinagkatiwala sa kaniya, at makarating ang tanan sa buhay na walang-hanggan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**SULAT • Sn 16:16-22**

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago.

**MGA MINAMAHAL:** Ang lahat ng mabuti at ganap na kaloob ay buhat sa Dios, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nagbabago, o nagdudulot ng bahagya mang dilim dahil sa pagbabago. Niloob niyang tayo'y maging anak niya sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang tayo'y maging pangunahin higit kaysa lahat ng kanyang mga nilalang. Mga kapatid kong minamahal, unawain ninyo ito: maging alisto kayo sa pakikinig, maingat sa pagsasalita at hindi agad nagagalit. Dahil ang galit ng tao ay hindi nakakatulong upang magawa kung ano ang ayon sa kalooban ng Dios. Kaya't talikuran na ninyo ang inyong maruruming gawa at alisin ang masasamang asal. Mapagpakumbabang tanggapin ninyo ang salitang itinanim sa inyong puso. Ito ay may kakayahang magligtas sa inyo. — **R. Salamat sa Dios.**

DAKILANG ALELUYA • Ps 117:16; Rom 6:9

**Allelúia, allelúia.** *V.* Dextera Dómini fecit virtútem: dextera Dómini exaltávit me.

**Allelúia.** *V.* Christus resúrgens ex mórtuis jam non móritur: mors illi ultra non dominábitur. **Allelúia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Ang kanang kamay ng Poon ay gumawa ng mga kahanga-hangang bagay. Itinaas ako ng kanang kamay ng Poong Butihin.

**Aleluya!** *V.* Si Kristo na nabuhay mula sa kamatayan ay hindi na mamamatay. Ang kamatayan ay hindi maghahari sa Kaniya. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 16:5-14

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**NOONG PANAHONG IYON:** Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: “Pupunta na ako sa nagsugo sa akin at wala ni isa man sa inyo ang nagtatanong kung saan ako pupunta. Ngayon sinabi ko na sa inyo, lubha naman kayong nalungkot. Subalit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan. Ang pag-alis ko’y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paparito sa inyo ang Patnubay kung hindi ako aalis. Ngunit pag-alis ko, isusugo ko siya sa inyo. Pagdating niya ay kanyang patutunayan na mali ang mga taga-sanlibutan tungkol sa kasalanan, tungkol sa katuwiran at tungkol sa paghatol ng Dios. Patutunayan niya ang tungkol sa kanilang kasalanan sapagkat hindi sila naniwala sa akin. Patutunayan niya ang tungkol sa katuwiran sapagkat ako’y pupunta sa Ama at hindi na ninyo makikita; at ang tungkol sa paghatol ng Dios, sapagkat hinatulan na ang pinuno ng sanlibutang ito. Marami pa akong sasabihin sa inyo subalit hindi pa ninyo kayang tanggapin sa ngayon. Ngunit pagdating ng Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan. Sapagkat ang sasabihin niya ay hindi mula sa kanyang sarili, kundi ang kanyang narinig; at ipahahayag niya sa inyo ang mga mangyayari sa hinaharap. Pararangalan niya ako sapagkat tatanggapin ng Espiritu mula sa akin ang ipahahayag niya sa inyo.” — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 65:1-2; 85:16

**JUBILATE** Deo, univérsa terra, psalmum dícite nómini ejus: veníte et audíte, et narrábo vobis, omnes qui tímétis Deum, quanta fecit Dóminus ánimæ meæ, allelúja.

**SUMIGAW** kayong masaya sa Dios, kayong lahat na mga nasa lupa, umawit kayo sa kaniyang pangalan. Halikayo’t dinggin, kayong mga may takot sa Dios, at ipahahayag ko sa kaniyo ang ginawa ng Poon sa aking kaluluwa, aleluya.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**DEUS**, qui nos, per hujus sacrificii veneránda commércia, uníus summæ divinitátis partícipes effecísti: præsta, quæsumus; ut, sicut tuam cognóscimus veritátem, sic eam dignis móribus assequámur.

**O DIOS**, sa paghahain na ito’y ginawa mo kaming mga kasalo Mo sa iyong kataas-taasang pagka-Dios. Ipagkaloob mong kaming kumikilala sa Iyong katotohanan ay sundin namin nang may tumpak at banal na pamumuhay. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Parangal kay Santa Mariang Virgen*

**TUA**, Dómine, propitiátione, et beátæ Vírginis et Matris Mariæ intercessióne, ad perpétuam atque præsentem hæc oblátio nobis proficiat prosperitátem et pacem. Per Dóminum.

**PANGINOON**, sa Iyong awa at sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, ang mga handog na iniaalay sa Iyo ay maging aming kapakanan at kapayapaan ngayon at sa buhay sa kabila. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Laban sa Kaaway ng Simbahan*

**PROTEGE** nos, Dómine, tuis mystériis serviéntes: ut divínis rebus inhæréntes, et córpore tibi famulémur, et mente. Per Dominum. Per Dominum.

**IPAGSANGGALANG** mo kami, Panginoon, na naglilingkod sa dambana upang ganapin ang iyong mga misteryo. Itulot mong tumangan kami sa mga bagay na makalangit upang mapaglingkuran ka namin sa katawan at kaluluwa. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...